

Gabay sa Pampublikong Tulong

生 活 保 護 の し お り

Ang gabay na ito ay nagpapaliwanag ng programa ng Pampublikong Tulong at proseso ng pag-apply para rito.

Sinasaklaw ng Public Assistance Act ang mga mamamayang Hapones. Gayunpaman, tinatrato ang mga dayuhang natutugunan ang mga kondisyon ng status of residence atbp. sa paraang katulad ng Pampublikong Tulong.

Kung may hindi kayo maintindihan o kung may gusto kayong ikonsulta, huwag mag-atubiling magtanong sa Welfare Health Center, Public Assistance Division ng bawat ward.

Mayroong karapatan ng lahat ng mga mamamayang Hapon ang pag-aaply para sa pampublikong tulong. Kahit sinuman, may posibilidad na mangangailangan ang pampublikong tulong. Kaya't huwag mag-atubiling kumonsulta sa amin.

このしおりは、生活保護制度のしくみや申請の手続きについて説明したものです。

生活保護法は、日本国民を対象としています。ただし、在留資格等の要件を満たす外国籍の方に対しては、生活保護に準ずる取扱いをします。

わからないことやご相談のある方は、お気軽に各区福祉保健センター生活支援課にお尋ねください。

生活保護の申請は国民の権利です。生活保護を必要とする可能性はどなたにもあるものですので、ためらわずにご相談ください。

City of Yokohama

Ano ang programa ng ampublikong Tulong?

生活保護制度とは

Ito ang isang sistemang nakabatay sa Livelihood Protection Act na naglalayong suportahan ang mga tao na mamuhay ng independyente habang tinitiyak ang pinakamababang pamantayan ng malusog at kultural na pamumuhay, batay sa mga prinsipyo ng Artikulo 25 ng Konstitusyon ng Japan, para sa mga sambahayan na ang kita mula sa mga suweldo, pensiyon, allowance, atbp. ay mas mababa sa minimum cost of living na itinakda ng gobyerno at hindi kayang mapanatili ang kanilang pamumuhay kahit na gamit ang kanilang sariling mga ari-arian at iba pang mga Sistema. Ang pag-aaplay sa pampublikong tulong ang isa sa mga Karapatan ng bawat mamamayang Hapon.

給与や年金、手当等の収入が国の定めた最低生活費を下回り、自分の資産やほかの制度を活用しても生活の維持ができない世帯に対して、日本国憲法第 25 条の理念に基づき、国が健康で文化的な最低限度の生活を保障しながら、自立した生活が送れるように支援することを目的とした、生活保護法による制度です。生活保護の申請は国民の権利です。

《I》 Daloy ng proseso para sa Pamublikong Tulong

生活保護の手続きのながれ

① Konsultasyon / 相 談	6
② Aplikasyon / 申 請	6
③ Pagsisiyasat/Pagsusuri / 調 査・審 査	7
Pagbisita sa bahay / ご自宅への訪問	
Pagtrato sa ari-arian / 資産の取扱い	
Paggamit sa ibang programa / 他の制度の利用	
Paggamit ng kakayahan / 能力の活用	
Pagtatanong sa mga kapamilya / ご親族への照会	
Pagtrato sa kita / 収入の取扱い	
Sistema ng Pamublikong Tulong (Pag-apruba o disapruba ng paggamit) / 生活保護のしくみ (利用の可否)	
④ Desisyon / 決 定	12

《II》 Kapag nagsimula ang paggamit sa Pamublikong Tulong

生活保護の利用が開始されたら

① Uri ng Pamublikong Tulong / 生活保護の種類	13
Suporta para sa pamumuhay / 生活扶助	
Suporta para sa pabahay / 住宅扶助	
Suporta para sa edukasyon / 教育扶助	
Suportang medikal / 医療扶助	
Suporta para sa caregiving / 介護扶助	
Suporta para sa panganganak / 出産扶助	
Suporta para sa hanapbuhay / 生業扶助	
Suporta para paglibing / 葬祭扶助	

2 Mga karapatan at obligasyon habang gumagamit ng Pampublikong Tulong / 生活保護利用中の権利と義務	16
3 Notisya at pag-ulat / 届出と申告	17
4 Pagpapatingin atbp. sa medikal na institusyon / 医療機関への受診など	22
5 Patnubay at Instruksyon / 指導や指示	25
6 Hindi namin itatago para sa inyo ang inyong pera. / 現金は預かりません	25
7 Sistema ng pagbawas at exemption sa tax / 減免制度	26
8 Suporta habang gumagamit ng Pampublikong Tulong / 生活保護利用中の支援	27
9 Tungkol sa caseworker/ ケースワーカーについて	30
10 Papel ng welfare commissioner / 民生委員の役割	30
11 Iba pa / その他	31
Para sa mga katanunganUgnayan para sa konsultasyon / 問い合わせ・相談先	32

《I》 Daloy ng proseso para sa Pamublikong Tulong

生活保護の手続きのながれ

1 Konsultasyon / 相談

↓
Mangyaring kumonsulta sa Welfare Health Center sa iyong tinitirahang ward.
Kung wala kang nakarehistrong adres, mangyaring kumonsulta sa Welfare Health Center pinakamalapit sa iyo.

お住まいの区の福祉保健センターにご相談ください。
お住まいがない方は、最寄りの区の福祉保健センターにご相談ください。

2 Aplikasyon / 申請

↓
Para sa mga taong may hangaring mag-apply para sa Pamublikong Tulong, mangyaring magsumite ng aplikasyon.

生活保護の申請意思がある方は、申請書を提出してください。

3 Pagsisiyasat/Pagsusuri / 調査・審査

↓
Pagkatapos tanggapin ang inyong aplikasyon, ang sisiyasatin ang inyong pamumuhay at kalagayan ng inyong kita/ari-arian.
Base sa resulta ng imbestigayson, susuriin kung maaari kayong gumamit ng Pamublikong Tulong.

申請を受けて、生活状況や収入・資産状況等を調査します。
調査の結果、生活保護の利用が可能かどうかを審査します。

4 Desisyon / 決定

Base sa resulta ng pagsusuri, ipapaalam sa inyo kung maaari kayong gumamit ng Pamublikong Tulong.
Kapag nagsimula ang Pamublikong Tulong, magsisimula ang pagbibigay ng sustento at suporta.

審査の結果、生活保護の利用の可否をお知らせします。

生活保護が開始されると、保護費の支給や支援が始まります。

1 Konsultasyon / 相 談

Kung mayroon kayong alalahanin o problema tulad ng kung nahihirapan kayo sa pamumuhay at gustong kumonsulta sa ibang tao, o kung gusto ninyong malaman ang tungkol sa Pamublikong Tulong, mangyaring makipagkonsulta sa amin.

Maaari ring tumawag sa telepono.

Tatanungin namin ang sitwasyon ng inyong tahanan at kung ano ang pinoproblema ninyo. Pagkatapos, gagabayin namin kayo ukol sa Pamublikong Tulong at iba pang maaaring gamiting programa.

Hindi namin ipagsasabi sa ibang tao ang nilalaman ng inyong kinonsulta sa amin, kung kaya't huwag kayong mag-alala.

生活に困っていて誰かに相談したい、生活保護について知りたいなど、お悩みやお困りのことがあれば、ご相談ください。お電話でも可能です。

家庭の事情や困っている状況をお聞きして、生活保護制度や他の利用できる制度について、ご案内します。

お聞きした相談内容を、他の人へ話すようなことはありませんので、安心してお話しください。

2 Aplikasyon / 申 請

Upang magamit ang Pamublikong Tulong, kinakailangang mag-apply ang mismong taong nagsusumite ng aplikasyon. Kahit sinuman ay maaaring mag-apply Kung hinahangad niya. Kung may sitwasyon Kung saan Hindi makakapag-apply ang mismong taong nagsusumite ng aplikasyon, maaari ring mag-apply para SA kanya ang kanyang kapamilya. Gagabayan kayo ng tagapangasiwa ukol sa mga proseso at paraan ng pagsulat ng mga dokumento.

Kapag nag-apply kayo, ipapasumite SA inyo ang mga dokumento Kung saan makukumpirma ang kalagayan ng inyong kita at ari-arian, ang kalagayan ng inyong paninirahan, atbp.

Kung wala kang tirahan, maaari kang mag-aplay sa pinakamalapit na Ward Health and Welfare Center.

Bukod dito, Kung maliwanag n

a nasa emergency Na kalagayan, maaaring simulan ng Welfare Health Center ang tulong kahit na walang aplikasyon, gamit ang opisyal na awtoridad nito

生活保護を利用するには、ご本人による申請が必要です。申請したいとの意思がある方はどなたでも、申請ができます。ご事情によりご本人が申請することができないときは、ご親族による申請も可能です。手続きや書類の書き方は、担当ケースワーカーがご案内します。

申請をされた場合、収入や資産の状況、お住まいの状況等を確認できる書類について、ご提出いただきます。

お住まいがない方は、最寄りの区福祉保健センターで申請ができます。

なお、明らかに急迫した状況にあるときは、申請がなくても、福祉保健センターが

職権で保護を開始する場合があります。

3 Pagsisiyasat • Pagsusuri / 調査・審査

Pagkatapos tanggapin ang inyong aplikasyon, magsasagawa ng pagsusuri upang suriin kung kailangan ninyo ng tulong, at kung kailangan ninyo ito, kung magkano ang kinakailangang sustento. Isinasagawa ang pagsisiyasat hindi lamang sa oras ng aplikasyon kundi pati na rin habang gumagamit ng Pamublikong Tulong kung kinakailangan.

あなたからの申請を受けて、保護が必要かどうか、必要な場合には保護費がいくら必要かを審査するため、調査を行います。

調査は申請時だけでなく、生活保護利用中にも必要に応じて行います。

Pagbisita sa bahay / ご自宅への訪問

Bibisatahin namin ang inyong bahay upang kumpirmahin ang kalagayan ng inyong paninirahan, at upang tanungin ang pamumuhay atbp. ninyo at ng ninyong pamilya.

Kahit habang ginagamit ang Pamublikong Tulong, bibisita ang tagapangasiwa sa regular, o kung kinakailangan, sa di-regular na basehan.

お住まいの状況の確認や、あなたやご家族の生活状況等をお聞きするため、ご自宅へ訪問します。

生活保護利用中も、担当ケースワーカーが定期的、また、必要に応じて臨時的に訪問します。

Pagtrato sa kita / 収入の取扱い

Kahit na anong pondo (tingnan ang pahina 18 para sa mga detalye) tulad ng sweldo o pamublikong benepisyo tulad ng pension/allowance, o perang padala mula sa mga kamag-anak ay ituturing na kita ng sambahayan, at ipapagamit para sa gastusin sa pamumuhay. Ito ay tinatawag na pagkilala sa kita.

Gayunpaman, Hindi ibig sabihin Na isasagawa ang Pagkilala SA Kita base SA kabuuang halaga nito. SA pagsasagawa ng Pagkilala SA Kita, mag-iiwan sa inyo ng bahagi nito para sa mga kinakailangang gastusin atbp

給与や、年金・手当等の公的な給付、ご親族からの仕送り等の種類を問わず、あらゆるもの（詳しくは 18 ページ）を世帯の収入としてみなし、生活費に充てていただきます。これを収入認定といいます。

ただし、必ずしも全額を収入認定するわけではなく、必要経費等について、あなたの手元に一部を残したうえで、収入認定するものもあります。

Pagtrato sa ari-arian / 資産の取扱い

Bukod sa notisya mula sa inyo, magsasagawa rin kami ng pagsisiyasat sa bangko, kumpanya ng life insurance, atbp.

Pinapayagang magkaroon ng ipon, life insurance (kabilang ang student insurance atbp.), sasakyan, bahay at lupa, mamahaling metal, securities atbp. na itinuturing na may epekto sa kakayahan ng sambahayan na suportahan ang sarili (tulad ng bahay at lupang tinitirahan na mas mababa sa nakatakdang halaga).

Gayunpaman, para sa mga bagay na hindi pinapayagang magkaroon kayo, hihilingin naming ibenta ninyo ang mga ito upang gamitin para sa mga gastusin sa pamumuhay.

あなたからの届出のほか、銀行や生命保険会社等へ調査を行います。

預貯金・生命保険（学資保険等含む）・自動車・土地家屋・貴金属・有価証券等の世帯全体の資産のうち、世帯の自立に効果があると判断されるもの（実際に住んでいる一定額以下の土地家屋等）については、保有が認められます。

ただし、保有が認められないものについては、売却して生活費に充てていただきます。

Paggamit sa ibang programa / 他の制度の利用

Magsasagawa ng pagsisiyasat sa Pension Office atbp.

Kung maaaring gamitin ang ibang pampublikong sistema maliban sa Pamublikong Tulong tulad ng pension, allowance, employment insurance atbp.

年金事務所等へ調査を行います。年金、手当、雇用保険等、生活保護以外の公的な制度が利用できる場合、手続きを進めていただきます。

Pagtrato sa kaso kung saan mayroong pagkukunan ng pondo tulad ng ari-arian, claims, atbp., ngunit hindi agad-agad magagamit ang mga ito

Kung mayroon kayong pagkukunan ng pondo (ipon, life insurance, bahay at lupa, bayad-pinsala para sa aksidente sa trapiko, karapatang tumanggap ng allowance o pension, pamana, atbp.) ngunit hindi agad magagamit ang mga ito, at kung mayroong hindi maiiwasang sitwasyon tulad ng emergency na sitwasyon atbp., pansamantalang uumpisahan (itutuloy) ang Pamublikong Tulong. Gayunpaman, kapag ang inyong pagkukunan ng pondo ay napalit na sa cash, at maaari na itong gamitin, ipapa-refund ang Pamublikong Tulong (kasama ang gastusing medikal at caregiving) na ipinagkaloob sa inyo bilang sustento hanggang sa puntong iyon. Sa ganitong oras, mayroon ding kaso kung saan maaaring ma-waive ang bahagi ng refund upang matulungan ang sambahayan na suportahan ang kanilang sarili.

資産や請求権などの資力があるものの、すぐに活用できない場合の取扱い

資力（預貯金・生命保険・土地家屋・交通事故の補償金・手当や年金の受給・遺産相続等）があるものの、すぐには活用することができず、急迫した事情などやむを得ない理由がある場合には、いったん生活保護を開始（継続）します。

ただし、資力が現金化されるなど、活用できる状態になったときには、それまでに支給した保護費（医療費・介護費を含む）をさかのぼって返還していただきます。

このとき、世帯の自立の観点から、一部が返還免除される場合もあります。

Paggamit ng kakayahan / 能力の活用

Para sa mga taong maaaring magtrabaho, hihilingin naming magsikap sila upang makakuha ng kita sa pagtatrabaho, ayon sa kanilang kakayahan at kalagayan.

Susuportahan namin sila at sasamahan sa paghahanap ng trabaho.

Para sa mga taong nahihirapang magtrabaho dahil sa sakit o kapansanan, bibigyan sila ng naaangkop na suporta base sa opinyon ng doktor atbp.

働くことができる方は、その能力や状況に応じて、働いて収入を得る努力をしていただきます。一緒に仕事を探す支援をしていきます。

病気や障害により働くことが難しい方には、医師等の意見を参考にして、その方に合った支援をしていきます。

Pagtatanong sa mga kapamilya / ご親族への照会

Kung ikaw ay makakatanggap ng mga allowance o suporta mula sa inyong kamaganak, tulad ng mga magulang, anak, kapatid, atbp., ang allowance o supporta na ito ay dapat mas maunang gagamitin para sa mga gastusin sa pamumuhay bago kumuha ng pampublikong tulong. Pakitandaan na ang mga kamag-anak ay magbibigay ng kanilang tulong sa inyo hangga't maaari sila, at dahil lang sa naroroon ang kamag-anak ay hindi nangangahulugan na hindi ka makakatanggap ng pampublikong tulong.

Mangyaring sabihin sa amin ang tungkol sa iyong mga kalagayan ng iyong kamag-anak at mga relasyon mo sa kanila. Batay diyan, magpapasya kami kung gagawa kami ng pagtatanong sa iyong kamag-anak tungkol sa kanilang posibilidad ng tulong.

Bilang karagdagan, sa kaso na may DV o pang-aabuso, hindi kami nagsasagawa ng pagtatanong.

親、子ども、兄弟姉妹等のご親族から、仕送りや養育費を受けることができる場合は、生活保護に優先して、生活費に充てていただきます。

なお、ご親族は可能な範囲で援助を行うものであり、ご親族がいるというだけで、生活保護が利用できないということはありません。

ご親族の状況や関わり等について、お聞かせください。それを踏まえて、ご親族に対して、援助の可能性について照会を行うかどうかを判断します。なお、DV や虐待等の場合は、照会を行いません。

Sistema ng Pamublikong Tulong (Pag-apruba o disapruba ng paggamit)

/ 生活保護のしくみ（利用の可否）

Base sa inyong mga isinuniteng dokumento at resulta ng pagsisiyasat, susuriin namin kung maaari kayong gumamit ng Pamublikong Tulong o hindi.

Ang Pamublikong Tulong ay isang programa upang takpan ang kakulangan SA gastusin SA pamumuhay atbp. sa pamamagitan ng pagkukumpara sa “minimum na gastusin sa pamumuhay” ng bawat buwan na kinalkula ayon sa pamantayang itinakda ng gobyerno base sa bilang ng tao sa sambahayan at kanilang edad, upa sa bahay atbp., at ang “kabuuang kita ng sambahayan” Kasama ang sweldo, pension, allowance, padalang pera, atbp.

Bukod dito, sa prinsipyo, inilalapat ito hindi sa indibidwal na yunit kundi sa yunit ng sambahayan.

Nag-iiba ang halaga ng Pamublikong Tulong para sa bawat sambahayan, at dahil nagbabago ito ayon sa kita at kalagayan ng pamumuhay, hindi ito palaging iisang nakatakhang halaga lamang.

あなたから提出された書類や調査結果を受けて、生活保護の利用が可能かどうかを審査します。

生活保護は、世帯の人数や年齢、家賃額等をもとに国が定めた基準により計算した月ごとの「最低生活費」と、給与や年金、手当、仕送り等の「世帯の全収入」とを比較して、不足する生活費等を補う制度です。また、原則として、個人単位ではなく世帯単位で適用されます。

したがって生活保護費は、世帯ごとに異なるとともに、収入や生活状況に合わせて変動するため、常に一定の金額とは限りません。

Kung makakagamit ng Pamublikong Tulong

(Simula ng tulong) / 生活保護を利用できる場合（保護の開始）

Kung ang kabuuang kita ng sambahayan ay mas mababa sa minimum na gastusin sa pamumuhay, maaaring gumamit ng Pamublikong Tulong.

世帯の全収入が最低生活費より少ない場合、生活保護を利用できます。
この場合、不足分のみ保護費を支給します。

Minimum na gastusin sa pamumuhay 最低生活費	
Kabuuang kita ng sambahayan 世帯の全収入	Sustento (Bahagi ng kakulangan) 保護費 (不足分)

Kung hindi makakagamit ng Pamublikong Tulong

(Pagtanggi sa aplikasyon) / 生活保護を利用できない場合（申請却下）

Kung ang lumampas ang kabuuang kita ng sambahayan sa minimum na gastusin sa pamumuhay, hindi makakagamit ng Pamublikong Tulong

世帯の全収入が最低生活費を超える場合、生活保護は利用できません。

Minimum na gastusin sa pamumuhay 最低生活費	
Kabuuang kita ng sambahayan 世帯の全収入	

4 Desisyon / 決 定

Ayon SA resulta ng pagsusuri, ipapaalam namin SA inyo Kung makakagamit kayo ng Pampublikong Tulong (simula) o Hindi (pagtanggi). SA prinsipyo, magpapadala kami ng surat SA loob ng 14 araw ng pagtanggap ng inyong aplikasyon (hanggang SA loob ng 30 araw Kung nangailangan ng panahon para SA pagsusuri atbp.).

Kapag natagalan SA desisyon, o Kung mayroon kayong Hindi maintindihan tungkol SA nilalaman ng notisya, mangyaring magtanong SA tagapangasiwa.

Ngunit Kung Hindi pa rin kayo sang-ayon SA naging desisyon, maaari kayong humiling ng pagsusuri SA gobernador ng Kanagawa Prefecture SA loob ng 3 buwan Na binilang mula sa susunod na araw na nalaman ninyo ang desisyon.

***Para lamang sa mga mamamayang Hapones**

審査の結果、生活保護を利用できる（開始）か、利用できない（却下）かをお知らせします。原則として、申請があつてから14日以内（調査に時間を要した場合等には最長で30日以内）に書面をお送りします。

決定が遅い場合や通知された内容についてわからないことがある場合は、担当ケースワーカーにおたずねください。

それでもなお決定に納得できないときは、決定を知った日の翌日から数えて3か月以内に、神奈川県知事に対して審査を求めることができます。

※日本国籍者のみ

《II》 Kapag nagsimula ang paggamit sa Pamublikong Tulong

生活保護の利用が開始されたら

① Uri ng Pamublikong Tulong / 生活保護の種類

Ang sumusunod ay ang 8 uri ng suporta ng Pamublikong Tulong:
Mayroong kondisyon ang bawat ipinagkakaloob na sustento.

生活保護の扶助は、次の8種類です。支給にはそれぞれ条件があります。

Suporta para sa pamumuhay / 生活扶助

Gastusin para sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng damit, pagkain, gas at kuryente, atbp.

Para sa mga taong mayroong espesyal na pangangailangan, maaaring makakuha ng ang mga sumusunod na karagdagan:

Karagdagan para sa pag-aalaga sa bata (Mga taong nag-aalaga ng batang mas mababa sa high school ang edad) Karagdagan para ina at anak

(Sambahayang may iisang magulang atbp) Karagdagan para sa may kapansanan (May malubhang kapansanan atbp)

衣食、光熱費等の日常生活の費用

特別な需要がある方には、次のような加算があります。

児童養育加算（高校生以下を養育する者）。

母子加算（ひとり親世帯等）障害者加算（重度の障害者等）…など

Sa prinsipyo, ipinagkakaloob ang 1 buwang sustento bandang ika-4 kada buwan, kung kaya't magsikap na planuhin ang paggastos nito

原則、毎月4日頃に1か月分が支給されるため、計画的な消費に努めてください。

Suporta para sa pabahay / 住宅扶助

Gastusin para sa tirahan tulad ng upa sa bahay, upa sa lupa, atb

(Hindi kasama rito ang bayad para sa pangkalahatang serbisyo/pamamahala)

*Mayroon ding paraan kung saan direktang ibinabayad ang upa sa bahay atbp. SA may-ari atbp. (Pagbabayad SA pamamagitan ng kinatawan).

家賃、地代等の住まいの費用（共益費・管理費は除く）

※ 家賃等を直接、家主等に支払う方法（代理納付）もあります。

Suporta para sa edukasyon / 教育扶助

Gastusin para SA mga kagamitan SA eskwela, school lunch, atbp. Upang makatanggap ng sapilitang edukasyon

Gastusin para SA mga aktibidad ng club Na inorganisa ng paaralan o komunidad

義務教育を受けるための学用品、給食費等の費用

学校や地域が主体となって行っているクラブ活動の費用

Suportang medikal / 医療扶助

Gastusin para sa pagpapatingin sa ospital o klinika, gastusin sa botika para sa gamot, materyales para sa pagpapagamot, medikal na pagpapagamot, gastusin para sa transportasyon

病院や診療所での受診や薬局での薬の費用や治療材料や施術、移送の費用

Suporta para sa caregiving / 介護扶助

Gastusin para sa paggamit ng serbisyo ng caregiving

Gastusin para sa renobasyon ng bahay at pagbili ng assistive device

介護サービスを利用する費用

住宅改修や福祉用具を購入する費用

Sa prinsipyo, direktang ibinabayad ang mga gastusing medikal at caregiving sa ospital o kumpanya ng serbisyo ng caregiving, kung kaya't walang ipinagkakaloob na cash.

Para sa impormasyon ukol sa pagpapatingin, atbp. sa medikal na institusyon, mangyaring basahin ang pahina 22.

Depende sa halaga ng inyong kita, maaaring kailangan ninyong bayaran ang bahagi ng gastusin.

医療費・介護費は原則として、病院や介護サービス事業者等に直接支払いをするので、現金支給されません。

医療機関への受診等については、22 ページをご覧ください。

収入額によって、一部自己負担金が生じる場合があります。

Suporta para sa panganganak / 出産扶助

Gastusin sa panganganak

出産の費用

Suporta para sa hanapbuhay / 生業扶助

Mga gastos para sa pagkuha ng mga kasanayan at kwalipikasyon na kailangan para sa paghahanap ng trabaho (Mga gastos para sa pagsasanay para sa mga first-time care worker, atbp.)

Mga gastos sa pag-enroll sa high school.

就職するために必要となる、技能の修得や資格の取得をするための費用
(介護職員初任者研修の費用等)

高等学校等に就学をするための費用

Suporta para paglibing / 葬祭扶助

Gastusin para sa paglibing

葬祭の費用

Pansamantalang suporta / 一時扶助

Kung nangangailangan ng pansamantalang panggastos ngunit hindi ito kayang pagkasyahin sa pang-araw-araw na gastusin, maaari itong ipagkaloob nang pansamantala bukod pa sa buwanang sustento.

Sa prinsipyo, paunang mag-apply, at kinakailangan ang mga dokumento tulad ng estimation sheet at resibo.

Regular na gastusin tulad ng diaper, renewal ng kontrata ng apartment, deposito na kakailanganin kapag mag-upa ng bahay, bayad sa serbisyo ng lipat-bahay, gastos para sa pagkukumpuni ng bahay, transportasyon para sa pagpapatingin sa ospital, gastos para sa paghahanda sa enrollment (elementarya, junior high at high school), gastos para sa club activities, pamasahé (commuter pass) sa pagpasok sa high school atbp, para sa gastusin sa pagbili ng aircon.

一時的に費用_※が必要となったが、日々のやりくりでは賄えない場合、毎月の保護費に加えて、臨時に支給されることがあります。

事前の申請が原則で、見積書や領収書等の書類が必要となります。

おむつ代、アパートの契約更新料、住まいを借りるために必要な敷金や運送代、家屋の修繕費、通院時の交通費、入学準備金(小中高)、クラブ活動費、高校へ通学するための定期代、エアコン購入費用・・・など

■ Benepisyo para sa pagpasok sa trabaho upang masuportahan ang sarili / 就労自立給付金

Maaari itong ipagkaloob sa mga taong hindi na nangangailangan ng Pamublikong Tulong dahil nakapasok sa isang matatag na trabaho.

安定した職業に就いたことなどにより、生活保護を必要としなくなった方に、支給できる場合があります。

■ Ang Tulong Pinansyal para sa Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan o Pagtatrabaho

/ 進学・就職準備給付金

Ito ay ibinibigay sa mga batang mula sa pamilyang tumatanggap ng pampublikong tulong kapag sila ay pumasok sa unibersidad, vocational school, o iba pang institusyon ng mas mataas na edukasyon. Ito ay ibinibigay kapag ang isang bata ay natapos ng high school at hindi na nangangailangan ng tulong mula sa sistema dahil sa pagtatrabaho. Ang pondo ay inilaan para sa pagsisimula ng kanilang bagong pamumuhay.

生活保護利用世帯の子どもが大学や専門学校等へ進学した場合や、高校卒業後に就労により生活保護を必要としなくなった際に、新生活立ち上げのための費用として支給されます。

② Mga karapatan at obligasyon habang gumagamit ng Pamublikong Tulong / 生活保護利用中の権利と義務

Karapatan 《Mga bagay na may garantiya》

権 利 《保障されていること》

❖Hindi mababawasan ang sustento o ititigil ang paggamit ng tulong nang walang makatuwirang dahilan.

正当な理由なく、保護費を減らされたり、保護を利用できなくなったりすることはありません。

❖Ang pera at bagay na tinanggap bilang sustento ay hindi papatawan ng buwis o kukumpiskahin.

保護費として受け取るお金や品物に、税金がかけられたり、差し押さえられたりすることはありません。

❖Kung mayroon kayong pagdududa tungkol sa desisyon ng pagbibigay tulong, huwang mag-atubiling magtanong sa tagapangasiwa. Ngunit kung hindi pa rin kayo sang-ayon sa naging desisyon, maaari kayong humiling ng pagsusuri sa gobernador ng Kanagawa Prefecture sa loob ng 3 buwan na binilang mula sa susunod na araw na nalaman ninyo ang desisyon.

Para lamang sa mga mamamayang Hapones.

保護の決定に疑問があるときは、遠慮せずに担当ケースワーカーにおたずねください。

それでもなお決定に納得できないときは、決定を知った日の翌日から数えて3か月以内に、神奈川県知事に対して審査を求めることができます。

※日本国籍者のみ

Obligasyon 《Mga kailangang sundin》

義務 《守っていただくこと》

- ❖ Kung kaya ninyong magtrabaho, mangyaring magsikap na magtrabaho at kumita ng pera ayon sa inyong kakayahan at kalagayan.

Kung hindi kayo makapagtrabaho dahil sa sakit atpb., mangyaring sumunod sa utos ng doktor, at tutukan ang inyong pagpapagamot.

働くことができる方は、その能力や状況に応じて、働いて収入を得る努力をしてください。病気等で働くことが難しい方は、医師の指示に従って、治療に専念してください。

- ❖ Kahit na wala kayong sakit na kasalukuyang ginagamot, mangyaring regular na suriin ang inyong pisikal na kondisyon at kaugalian sa pamumuhay, at magsikap na panatilihin ang malusog na pamumuhay

現在治療中の病気がない方も、自分の体調や生活習慣を定期的に見直し、健康な生活を維持できるよう努めてください。

- ❖ Mangyaring gamitin ang sustento sa pabahay, school lunch, materyales para sa edukasyon atbp. para sa naaangkop na layunin ng pagkakaloob nito, at huwag mahuli sa pagbayad.

住宅費や給食費、教材費等は、それぞれの支給目的のために使い、滞納しないでください。

- ❖ Mangyaring magsikap na panatilihin at pabutihin ang inyong pamumuhay sa pamamagitan ng maayos na pag-monitor sa kalagayan ng inyong kabuhayan tulad ng kita/gastusin atbp., at pagtitipid sa mga gastusin.

収入・支出等の生計の状況を適切に把握するとともに支出の節約を図り、生活の維持向上に努めてください。

- ❖ Hindi maaaring ibigay ang karapatang gumamit ng Pamublikong Tulong sa ibang tao.

生活保護を利用する権利を他の人に譲り渡すことはできません。

3 Notisya at pag-ulat / 届出と申告

Upang madesisyunan nang tama ang halaga ng sustento, kinailangang regular na magbigay-ulat ukol sa kita, at agad-agad magbigay ng notisya kung mayroon (o nagkaroon) ng pagbabago sa kalagayan ng pamumuhay. Bukod dito, mangyari ring sumangguni ang mga taong kasalukuyang gumagamit ng Pamublikong Tulong sa “Handbook upang maiwasan ang mapanlinlang na pagtanggap ng sustento”

保護費を正確に決定するためには、定期的な収入申告や、生活状況に変化がある（あった）場合に、すみやかに届出をしてもらう必要があります。なお、生活保護利用中の方は、「不正受給にならないためのハンドブック」もあわせてご確認ください。

Ukol sa buwanang kita ninyo at ng inyong pamilya

Pagbibigay-ulat ukol sa kita

あなたやご家族の毎月の収入について

収入申告

Mangyaring agad-agad magbigay ng ulat tungkol sa lahat ng kita. Karagdagan dito, kailangan din ang regular na pagbibigay-ulat kahit na walang kayong kita

あらゆる収入について、すみやかに申告してください。
なお、収入がない場合も、定期的に申告が必要です。

❖ Sweldo, bonus, lump-sum payment

給与、ボーナス、一時金

❖ Pension at bawat uri ng allowance, employment insurance

年金や各種手当、雇用保険

❖ Padalang pera, child support, pamana

仕送り、養育費、遺産相続

❖ Kita mula sa pagbenta ng ari-arian tulad ng real estate atbp.

不動産等の資産の売却収入

❖ Iba pang mga pansamantalang kita (mga benepisyo sa pag-ospital, halaga sa pag-kansela ng seguro sa buhay, atbp., sustento, deposito ng garantiya, settlement money, sobrang bayad, mga benta sa auction sa internet, lottery, mga benepisyo, atbp.)

その他の臨時的収入（入院給付金、生命保険等の解約返戻金、慰謝料、補償金、過払金、示談金、インターネットオークションの売上金、宝くじ、各種給付金等）

- ❖ Utang mula sa mga kakilala at kamag-anak, utang sa credit card, cash advance, atbp.
Itinuturing din na kita ang mga gift certificate, electronic money, at points (maliban sa mga point na nakuha kapag bumili ng produkto), kita mula sa video streaming, kita mula sa crowdfunding, kita mula sa flea market app, kita mula sa advertisement, at halagang nakuha sa pagbebenta sa online auction na maaaring gamitin tulad ng cash.

借入金（知人・親族からの借金、カードローン、キャッシング等）や、現金と同様に使用できる商品券、電子マネー、ポイント（商品を購入した際に付くポイントを除く）、動画配信等で得た収入、クラウドファンディング収入、フリマアプリの収入、広告収入、インターネットオークションの売上金も、収入とみなします。

- ***Kung naiulat mo nang tama ang iyong kita, maaaring ituring ang ilang item bilang deductive o hindi-kita.**

※正しく申告すれば、控除や収入認定しない取扱いができるものもあります。

Kapag magbabago (nagbago) ang kalagayan ng pamumuhay ninyo at ng inyong pamilya

Notisya ng pagpapalit ng trabaho

あなたやご家族の生活状況が変わる（変わった）とき **異動届**

- ❖ Magsimula sa trabaho o umalis dito, pagbabago sa kondisyon ng pagtatrabaho

仕事を始める、辞める、勤務条件が変わる

- ❖ Bagong pagpunta sa ospital, hindi na magpapatingin, pagpapa-ospital, paglabas ng ospital

新たに病院にかかる、受診しなくなる、入院、退院

- ❖ Pagbabago ng address o upa sa bahay (Siguraduhing paunang kumonsulta muna tungkol sa paglilipat ng tirahan).

住所や家賃が変わる（転居については必ず事前にご相談ください）

- ❖ Pagbabago sa bilang ng mga miyembro ng sambahayan dahil sa panganganak, pagkamatay, pagbubuntis, pagpasok o paglabas sa sambahayan

出生、死亡、妊娠、転入、転出等により、世帯の人数が変わる

❖Pagpasok sa paaralan, leave of absence mula sa paaralan, pag-alis sa paaralan, pagtatapos, paglilipat ng paaralan

入学、休学、退学、卒業、転校

❖Na-aksidente sa trapiko o nasalanta

交通事故や災害にあった

❖Paglabas ng bansa.(Pagpunta sa ibang bansa)Pagbalik sa ansa)

出国（海外渡航）、帰国

❖Aalis sa loob ng mahabang panahon dahil sa pagbabalik sa sariling bansa

帰省等で長期間留守にする

❖Bagong pagkuha, pagkawala, pag-renew, pagbabago sa klasipikasyon ng Certificate of the Physically Disabled, Certificate of the Intellectually Disabled, Certificate of the Mentally Disabled, at disability pension

身体障害者手帳、愛の手帳、精神障害者保健福祉手帳や障害年金を新たに取得、喪失、更新（等級が変更）

❖Pagkuha, pagkawala, pagbabago sa nilalaman ng health insurance(social insurance)

健康保険（社会保険）に加入、喪失、内容変更

❖Pagkuha, pagkawala, at renewal ng Certificate of Grant of Medical Expenses for Services and Supports for Persons with Disabilities, at Certificate of Grant of Medical Expenses for Intractable Disease

自立支援医療受給者証、指定難病医療受給者証を取得、喪失、更新

❖Nakakita ng posibilidad na suportahan ang sarili nang hindi gumagamitng Pampublikong Tulong

生活保護から自立する見通しがついた・・・など

Tungkol sa kalagayan ng ari-arian ninyo at ng inyong pamilya

Pagbibigay-ulat sa ari-arian

あなたやご家族の資産の状況について 資産申告

Kinakailangang magbigay-ulat sa minimum na 1 beses kada taon kahit na mayroon man o walang ari-arian

Kung magkakaroon ng pagbabago sa kalagayan ng inyong ari-arian tulad ng kung magbubukas kayo ng bagong bank account, kukuha ng life insurance policy, o kakanselahin ang kontrata, itatapon, o ibebenta ang inyong ari-arian (ipon, life insurance, sasakyan, bahay at lupa, mahahalagang metal, securities, atbp.), mangyaring agad-agad na magbigay-ulat tungkol dito.

資産の有無や多少にかかわらず、少なくとも年1回の申告が必要です。

新たに口座の開設や生命保険に加入したり、資産（預貯金・生命保険・自動車・土地家屋・貴金属・有価証券等）を解約や処分、売却するなどして、資産の状況に変化があった場合は、すみやかに申告してください。

⚠️ Kapag hindi kayo nagsumite ng notisya, o kung nagsumite

kayo ng huwad na notisya

⚠️ 届出をしなかったり、事実と異なる届出をしたとき

Kapag kayo o ang inyong pamilya ay hindi nagsumite ng kinakailangang notisya, nagsinungaling sa kita, nag-apply o nagsumite ng huwad na notisya at gumamit ng Pampublikong Tulong nang may panlilinlang, ipapa-refund sa inyo ang sustento at bukod dito, paparusahan kayo ayon sa regulasyon ng Public Assistance Act at ng Penal Code.

あなたやご家族が、必要な届出をしなかったり、収入を偽ったり、事実と異なる申請や届出をして不正に生活保護を利用した場合は、保護費を返還してもらうほか、生活保護法や刑法の規定により処罰されることがあります。

❖ Magsasagawa ng pagsisiyasat upang malaman kung tama ang halagang iniulat ninyo bilang kita

あなたからの収入申告額が正確かどうか調査を行います

Bawat taon, sinisiyasat ng Welfare Health Center kung tumutugma ang nilalaman ng ulat ng kitang isinumite ninyo ng inyong pamilya sa tax ledger.

Kung hindi ito tumugma, maaari kayong ituring na ilegal na

tumatanggap ng benepisyo.

Kahit na inalis na ang pagkakaloob ng ampublikong Tulong, magsasagawa pa rin ng pagsisiyasat ng panahong tumanggap ng Pamublikong Tulong.

福祉保健センターでは、あなたやご家族が提出した収入申告書の内容と課税台帳※に記載された収入額が一致しているか、毎年調査をしています。一致しなかった場合には、不正受給とみなされることがあります。生活保護の廃止後も生活保護を受けていた期間の調査を行います。

*Tax ledger: Ito ay isang ledger kung saan nakasulat ang impormasyon ukol sa kita mula sa sweldo, pension, atbp.

Ang tagabayad ng sweldo atbp. ay may obligasyong i-ulat sa lokal na pamahalaan ang parehong impormasyon sa withholding slip.

※ 課税台帳：給与や年金等の収入の情報が記載されている台帳

給与等の支払主は、源泉徴収票と同じ情報を自治体に報告

④ Pagpapatingin atbp. sa medikal na institusyon

/ 医療機関への受診など

Kapag pupunta sa ospital o klinika, kapag tatanggap ng gamot sa botika
病院や診療所へかかるとき、薬局でお薬を受け取るとき

Mangyaring magpatingin sa ospital o klinikang itinalaga ng Public Assistance Act.

Gagabayin kayo ng tagapangasiwa tungkol sa pupuntahang ospital o klinika pagkatapos pakinggan ang inyong hiling.

Bago kayo magpatingin, bibigyan kayo ng “Medical Request Form,” “Medical Opinion on Necessity of Treatment Form,” o “Medical Ticket”.

Pagkakuha ninyo ng reseta sa ospital o klinika, mangyaring kunin ang gamot sa botika.

生活保護法で指定されている病院や診療所を受診してください。

受診先については、あなたの希望をお聞きしたうえで、担当ケースワーカーがご案内します。

受診する前に、福祉保健センターで「診療依頼書」、または「医療要否意見書」、もしくは「医療券」をお渡しします。

病院や診療所で処方箋をもらったら、薬局でお薬を受け取ってください。

***Sa prinsipyo, mangyaring magpatingin sa malapit na ospital o klinika hangga't maaari.**

Ang listahan ng mga itinalagang institusyon medical ay nakikita sa website ng lungsod ng Yokohama.

※ 原則として、できるだけ近隣の病院や診療所を受診してください。指定医療機関については、横浜市ホームページ上にて公開しています。

<https://www.city.yokohama.lg.jp/kurashi/fukushi-kaigo/seikatsu/seikatsuhogo/iryohujo.html>

***Sa prinsipyo, ginagabayan namin kayo sa iisang ospital o klinika lamang para sa parehong sakit.**

※ 原則として、同一の疾病については、一つの病院や診療所をご案内します。

***Kapag gagamiting ang My Number para sa pag-verify ng kwalipikasyon, maaaring hindi na kinakailangan ang pag-isyu ng papel na medical coupon.**

※ マイナンバー用いた資格確認の場合は、紙の医療券の発行を省略することがあります。

❖ Kung mayroon kayong health insurance card ng kumpanya atbp., Certificate of Grant of Medical Expenses for Services and Supports for Persons with Disabilities, o Certificate of Grant of Medical Expenses for Intractable Disease, mangyaring ipakita rin ito kapag nagpatingin sa doktor.

会社等の健康保険証や自立支援医療受給者証、指定難病医療受給者証をお持ちの方は、あわせて提示して受診してください。

❖ Kapag pinayagan kayo ng doktor na gumamit ng generic na gamot, mangyaring gumamit ng generic na gamot sa prinsipyo.

医師が後発医薬品（ジェネリック医薬品）の使用を認めている場合は、原則として、後発医薬品を使用してください。

❖ Kung kailangan ninyong pumunta sa ospital o klinika sa araw ng pahinga o sa gabi dahil sa biglaang sakit, mangyaring dalhin ang “Holiday at Nighttime Treatment Medical Request Card” kapag magpapatingin sa doktor.

休日や夜間に、急な病気で病院や診療所にかかるときは、「休日・夜間等診療依頼証」を持参して受診してください。

* Kapag sinimulan ang Pamublikong Tulong, mangyaring ibalik ang National Health Insurance Card at Health Care Insurance Card Sertipiko ng medikal na welfare para sa mga pamilyang nag-iisang magulang, sertipiko ng medikal ng bata, sertipiko ng medikal na may malubhang kapansanan ay hindi na magagamit, kaya pakibalik ito.

※ 生活保護が開始されると、国民健康保険証・後期高齢者医療被保険者証、ひとり親家庭等の福祉医療証、小児医療証、重度障害者医療証は使用できませんので、返還してください。

Benepisyo para sa medikal na pagpapagamot/ 治療材料の給付——

Kung hinusgahan ng inyong doktor na kailangan ninyo ng salamin sa mata, corset, tungkod bilang tulong sa paglalakad, atbp. bilang bahagi ng inyong pagpapagamot, maari itong ipagkaloob ito sa inyo kung matutugunan nito ang mga kondisyon tulad ng service life atbp.

医師が、治療の一環として、メガネ、コルセット、歩行補助杖等が必要と判断した場合、耐用年数等の条件を満たせば、給付できます。

Benepisyo para sa medikal na pagpapagamot/ 施術の給付——

Para sa judo therapy (osteopath at osteopathic na klinika), anma massage, accupuncture at moxibustion, mayroong mga kondisyon sa pagkuha ng benepisyo. Mangyaring paunang makipag-ugnayan sa tagapangasiwang case worker.

柔道整復（接骨院・整骨院）、あんま・マッサージ、はり・きゅうについては、給付に条件がある場合があります。事前に担当ケースワーカーにご相談ください。

Paggamit sa serbisyo ng caregiving/ 介護サービスの利用——

Kapag gagamitin ang caregiving service, kailangan munang gawin ang proseso upang makakuha ng Approval for Long-Term Care (Support)

介護サービスを利用するときは、まず要介護（支援）認定を受ける等の手続きが必要です。

5 Patnubay at Instruksyon / 指導や指示

Kung hindi ninyo kayang sundin ang “Mga kailangang sundin (pahina 16)” o “Ukol sa Notisya at Pag-ulat (pahina 17-21),” at kung hinusgahan namin na kailangan ito upang garantiyahan ang inyong minumum na pamantayan ng pamumuhay, maaari namin kayong bigyan ng patnubay o instruksyon.

Kung hindi ninyo susundin ang patunubay o instruksyon, maaari naming palitan, suspendihin, o alisin ang tulong.

あなたが、「守っていただくこと（16 ページ）」や「届出と申告について（17～21 ページ）」について守ることができず、あなたの最低生活の保障や自立のために必要と判断したときは、指導や指示を行うことがあります。

指導や指示に従わないときは、必要に応じて、保護の変更・停止・廃止を行うことがあります。

6 Hindi namin itatago para sa inyo ang inyong pera.

/ 現金は預かりません

Hindi itatago para sa inyo ng empleyado ng Welfare Health Center ang inyong pera o passbook.

Gayunpaman, kung hiniling ng taong gumagamit ng Pamublikong Tulong na pangasiwaan namin ang kanilang pananalapi, at hinusgahan ng Welfare Health Center na mainam na itago ito para sa kanya, tatanggapin namin to bilang exception.

Sa kasong ito, itatago ang pera sa loob ng Welfare Health Center. Hindi ito itatago sa labas nito.

Kung may tanong kayo tungkol sa paghahawak ng pera, mangyaring magtanong sa section chief atbp

福祉保健センターの職員は、あなたの現金や通帳をお預かりしません。

ただし、生活保護を利用している方から金銭の管理を依頼される場合で、福祉保健センターとして預かることが適当と判断した場合には、例外的にお預かりします。この場合も、福祉保健センターの中で預かりますので外でお預かりすることはできません。

現金の取扱いについて不明な点があれば、係長等におたずねください。

7 Sistema ng pagbawas at exemption sa tax / 減免制度

Habang gumagamit ng Pamublikong Tulong, maaaring makatanggap ng pagbawas at exemption sa tax para sa mga sumusunod na bayad sa pamamagitan ng pagsusumite ng notisya

生活保護を利用している間は、届出により、次の料金の減免等を受けることができる場合があります。

❖ Exemption sa National Pension Insurance Premium

国民年金保険料の免除

❖ Exemption mula sa NHK broadcast reception fee

N H K 放送受信料の免除

❖ Diskwento sa JR commuter pass

J R 通勤定期の割引

❖ Ang exemption sa batayang bayad sa tubig para sa mga pamilyang nag-iisang magulang (mga kinikilalang benepisyaryo ng karagdagang suporta para sa ina at anak/*Boshi-kasan*)

ひとり親世帯（母子加算認定者）の水道基本料金の免除

❖ Exemption sa bayad sa pagtapon ng malaking basura (Sa pagitan ng 4/1 hanggang 3/31, hanggang 4 na item mula sa 1 sambahayan)

粗大ごみ処理手数料の免除

(4/1 から 3/31 の間、1 世帯につき 4 点まで)

❖ Paggamit ng school lunch service (delivery type) ng lungsod ng Yokohama

横浜市中学校給食（デリバリー型）の利用

❖ Exemption sa entrance examination fee at entrance fee para sa prefectural high school

県立高等学校の入学検定料・入学料の免除

❖ Exemption sa Municipal high school admission screening fee (examination fee) at admission fee

市立高等学校の入学選考手数料（受検料）・入学金の免除

❖ Exemption sa mga gastos sa pagpapabakuna sa trangkaso para sa mga matatanda

高齢者インフルエンザ予防接種費用の免除

8 Suporta habang gumagamit ng Pamublikong Tulong / 生活保護利用中の支援

Habang ginagamit ninyo ang Pamublikong Tulong, tatanungin namin kayo tungkol sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay at estado ng inyong kalusugan sa pamamagitan ng regular na pagbisita sa tahanan atbp., at susuportahan namin kayo sa pamamagitan ng paglikha ng policy ng suporta na akma sa sitwasyon at kahilingan ninyo at ng inyong pamilya.

Kung mayroon kayong problema o hindi maintindihan sa inyong pamumuhay, huwag mag-atubiling makipagkonsulta sa aming tagapangasiwa.

Mayroon din kaming mga empleyadong espesyalista na tutulong sa inyong mag-isip tungkol sa kinabukasan, tulad ng tungkol sa pagtatrabaho, pagkuha ng mas mataas na edukasyon atbp.

Hindi namin ipagsasabi sa ibang tao ang nilalaman ng inyong kinonsulta sa amin, kung kaya't huwag kayong mag-alala.

生活保護の利用中は、定期的な家庭訪問等により生活の様子や健康状態等についてお聞きし、あなたやご家族の状況や希望に沿った支援の方針を立てたうえで、支援していきます。

生活をするうえで困ったことや分からないことがあるときには、遠慮なく担当ケースワーカーへご相談ください。

お仕事のことや進学のことなど、今後のことを一緒に考えていく専門の職員もいます。

相談内容を他の人に話すようなことはありませんので、安心してご相談ください。

Tungkol sa suportang isinasagawa sa Ward Public Assistance Division / 区生活支援課で行っている支援について

Suporta sa pagtatrabaho / 就労支援

Kasama kang susuportahan ng tagapangasiwang caseworker, employment support specialist, at Job Spot upang makahanap ng trabaho.

***Hello Work sa bawat Ward Office**

担当ケースワーカーや就労支援専門員、ジョブスポット*が、一緒にお仕事を探す支援を行っています。

※各区役所に設置されているハローワーク

Karagdagan pa, para sa mga taong nahihirapang magtrabaho kaagad, nagbibigay kami ng suporta upang matuto ng communication skill sa trabaho at kaugalian sa pamumuhay na kinakailangan upang magtrabaho.

また、すぐにお仕事をするのが難しい方については、まずは、仕事をするにあたって必要な、職場でのコミュニケーションスキルや生活習慣などを身に付けるための支援を行っています。

Suporta sa edukasyon at suporta para sa one-to-one learning / 教育支援及び寄り添い型学習支援

Para sa mga sambahayang mayroong mga estudyante sa junior high na nagbabalak mag-high school, ang tangapangasiwang caseworker at education support specialist ay maglalaan ng impormasyon ukol sa proseso para makapasok sa high school, at iba't ibang sistema ng pagbawas at exemption.

Sa suporta para sa one-to-one learning, magbibigay ng suporta sa pagkuha ng mas mataas na edukasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta sa pag-aaral na naaangkop para sa bawat estudyante

高校進学を考えている中学生がいる世帯を対象に、担当ケースワーカーと教育支援専門員が、進学に向けての手続きや、各種減免制度などの情報提供を行っています。

また、寄り添い型学習支援では、ひとりひとりに合わせた学習支援を行うなど、進学に向けた支援を行っています。

Suporta sa pagpapabuti sa budget ng pamilya/ 家計改善支援

Ang tagapangasiwang caseworker at ang support staff para sa pagpapabuti sa budget ng pamilya ay magbibigay ng suporta para makapag-apon para sa mas mataas na edukasyon, magrebisa ng balanse sa pagitan ng kita at gastusin, at pagkasyahin ang kita sa mga gastusin sa pamumuhay, upang masuportahan ang sariling pamumuhay sa hinaharap.

将来の自立した生活に向けて、進学のためのお金をためたり、収入と支出のバランスを自身で見直し、生活費をやりくりすることができるよう、担当ケースワーカーと家計改善支援員が支援を行っています。

Suporta sa kalusugan / 健康支援

Upang matukoy ang mga sakit na nauugnay sa pamumuhay tulad ng diabetes atbp., at upang maiwasan ang paglala ng mga ito, nagbibigay kami ng patnubay para sa mga taong hindi nakatanggap ng paggamot para sa mga ito na may edad na 40 hanggang 64 upang sumailalim sa Yokohama City Health Examination.

Para sa mga taong tumatanggap ng paggamot para sa kanilang karamdamang dulot ng istilo ng pamumuhay, magbibigay ng suporta ang tagapangasiwang caseworker, health counseling specialist, public health nurse, at nutritionist sa pamamagitan ng pagtanong tungkol sa nilalaman ng kanilang pagkain sa tahanan at sitwasyon ng kanilang pag-ehehesisyo, at pagbibigay ng payo upang maiwasan ang paglala nito.

糖尿病などの生活習慣病の早期発見・重症化予防のため、治療を受けていない40～64 歳の方を対象に、横浜市健康診査（健康診断）の受診の御案内を行っています。

また、生活習慣病の治療を受けている方についても、担当ケースワーカーと健康相談専門員、保健師、栄養士が御家庭での食事の内容や、運動の様子をおききし、悪化を防ぐためのアドバイスをするなどの支援を行っています。

9 Tungkol sa Case Worker / ケースワーカーについて

- ❖ Habang gumagamit ng Pamublikong Tulong, susuportahan ng tagapangasiwang caseworker ang inyong sambahayan sa pamamagitan ng pagtanggap sa inyong mga tanong, pagtanggap sa inyong mga notisya o aplikasyon, atbp.

生活保護の利用中は、担当ケースワーカーがあなたからの相談を受けたり、届出や申請を受けたりするなどして、あなたの世帯を支援していきます。

- ❖ Sa pamamagitan ng regular na pagbisita sa tahanan atbp., tatanungin niya kayo tungkol sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay at estado ng inyong kalusugan. Susuportahan niya kayo sa pamamagitan ng paglikha ng policy ng suporta na akma sa sitwasyon ninyo at ng inyong pamilya.

定期的な家庭訪問等により生活の様子や健康状態等についてお聞きし、あなたやご家族の状況に沿った支援の方針を立てて支援します。

- ❖ Pagkatapos niyang matanggap ang inyong notisya, aplikasyon, atbp., kakalkulahin niya ang halaga ng Pamublikong Tulong.

あなたからの届出や申請等を受け、生活保護費の算定等を行います。

- ❖ Hindi ka maaaring kumilos bilang guarantor para sa isang apartment resident o para sa isang taong pumasok sa ospital.

アパートの保証人や入院時の身元引受人等にはなることはできません。

10 Papel ng welfare commissioner / 民生委員の役割

Ang welfare commissioner ay nagbibigay ng payo sa mga taong nahihirapan sa kanilang pamumuhay sa bawat komunidad. Hindi ipagsasabi sa ibang tao ang nilalaman ng konsultasyon. Huwag mag-atubiling magkipagkonsulta.

Kung hinusgahan ng tagapangasiwa na kailangan ito, maaari niyang hilingin sa welfare commissioner na bumisita sa inyong tahanan.

民生委員は、それぞれの地域で生活に困っている方の相談に乗ってくれます。相談内容を他の人に話すようなことはありませんので安心してご相談ください。担当ケースワーカーが必要と判断した場合、民生委員に家庭訪問等を依頼することがあります。

⑪ Iba pa / その他

- ❖ Bilang prinsipyo, idinedeposito ang halaga ng Pamublikong Tulong sa account na nasa pangalan ng ulo ng sambahayan bandang ika-4 kada buwan, maliban na lang kung walang savings account o kinilala ng Welfare and Health Center na kailangan itong bayaran sa counter.

生活保護費は、預貯金の口座がない場合や福祉保健センターが窓口で支払う必要性を認めた場合を除き、原則、毎月4日頃に世帯主名義の口座に振り込みます。

- ❖ Sinasaklaw ng Public Assistance Act ang mga mamamayang Hapones. Gayunpaman, tinatrato ang mga dayuhang natutugunan ang mga kondisyon ng status of residence atbp. sa paraang katulad ng Pamublikong Tulong.

生活保護法は、日本国民を対象としています。ただし、在留資格等の要件を満たす外国籍の方に対しては、生活保護に準ずる取扱いをします。

- ❖ Kung kayo ay miyembro ng sindikato ng krimen o sangkot sa mga aktibidad ng sindikato, hindi ninyo natutugunan ang kondisyon para sa tulong, kung kaya't hindi kayo papayagang gumamit ng Pamublikong Tulong.

暴力団員であったり、暴力団活動に関わっていたりする場合、保護の要件を満たさないため、生活保護の利用は認められません。

申告せずに生活保護を利用した場合は、不正受給として保護費を返還してもらうことがあります。

- ❖ Simula Mayo ng Taon ng 2024, ang pag-verify ng kwalipikasyon ng mga tumatanggap ng pamublikong tulong kapag sila ay nagpapakonsulta ay, katulad ng ibang health insurance, sa prinsipyo ay isasagawa gamit ang My Number Card.

令和6年5月以降、生活保護を利用している方の受診時の資格確認について、他の健康保険と同様に、原則としてマイナンバーカードを用いた方法となります。

- ❖ Mangyaring mag-apply para sa My Number Card. Para sa mga mayroon na nito, mangyaring gawin ang unang pagpaparehistro para sa "paggamit bilang health insurance card" sa pamamagitan ng Myna portal o iba pang katulad na serbisyo.

マイナンバーカードの取得にご協力ください。すでにお持ちの方は、マイナポータル等で「健康保険証利用」の初回登録をお願いします。

Para sa mga katanunganUgnayan para sa konsultasyon

/問い合わせ・相談先

Welfare Health Center, Public Assistance Division ng bawat ward
(Ward Office)

各区福祉保健センター生活支援課（区役所）

<u>Ward</u> <u>区</u>	<u>Address</u> <u>所 在 地</u>	<u>Telepono</u> <u>電話</u>
Tsurumi	3-20-1 Tsurumichuo,230-0051	045-510-1782
鶴見区	〒230-0051 鶴見区鶴見中央 3-20-1	
Kanagawa	3-8 Hirodaiotamachi,221-0824	045-411-7103
神奈川区	〒221-0824 神奈川区広台太田町 3-8	
Nishi	1-5-10 Chuo,220-0051	045-320-8407
西区	〒220-0051 西区中央 1-5-10	
Naka	35 Nihonodori,231-0021	045-224-8248
中区	〒231-0021 中区日本大通 35	
Minami	2-33 Urafunecho,232-0024	045-341-1203
南区	〒232-0024 南区浦舟町 2-33	
Konan	4-2-10 Konan,233-0003	045-847-8404
港南区	〒233-0003 港南区港南 4-2-10	
Hodogaya	2-9 Kawabecho,240-0001	045-334-6314
保土ヶ谷区	〒240-0001 保土ヶ谷区川辺町 2-9	
Asahi	1-4-12 Tsurugamine,241-0022	045-954-6069
旭区	〒241-0022 旭区鶴ヶ峰 1-4-12	
Isogo	3-5-1 Isogo,235-0016	045-750-2405
磯子区	〒235-0016 磯子区磯子 3-5-1	
Kanazawa	2-9-1 Deiki,236-0021	045-788-7814
金沢区	〒236-0021 金沢区泥亀 2-9-1	
Kohoku	26-1 Mamedocho,222-0032	045-540-2329
港北区	〒222-0032 港北区大豆戸町 26-1	
Midori	118 Terayamacho,226-0013	045-930-2318
緑区	〒226-0013 緑区寺山町 118	
Aoba	31-4 Ichigaocho,225-0024	045-978-2446
青葉区	〒225-0024 青葉区市が尾町 31-4	

Tsuzuki	32-1 Chigasakichuo,224-0032	045-948-2311
都筑区	〒224-0032 都筑区茅ヶ崎中央 32-1	
Totsuka	16-17 Totsukacho,244-0003	045-866-8431
戸塚区	〒244-0003 戸塚区戸塚町 16-17	
Sakae	303-19 Katsuracho,247-0005	045-894-8400
栄区	〒247-0005 栄区桂町 303-19	
Izumi	5-1-1 Izumichuokita,245-0024	045-800-2305
泉区	〒245-0024 泉区和泉中央北 5-1-1	
Seya	190 Futatsubashicho,246-0021	045-367-5705
瀬谷区	〒246-0021 瀬谷区二ツ橋町 190	

❖Bukas ang counter Lunes hanggang Biyernes (maliban sa araw ng kapistahan, katapusan ng taon at simula ng bagong taon), 8:45 AM hanggang 5:00 PM

窓口は、月～金（祝日・年末年始除く）午前 8 時 45 分から午後 5 時まで

Kung kasalukuyan kayong gumagamit ng Pamublikong Tulong, maaaring wala sa opisina ang tagapangasiwa dahil bumibisita siya sa mga tahanan atbp., kung kaya't kumuha ng appointment bago pumunta.

保護利用中の方は、担当ケースワーカーが家庭訪問等で不在の場合もありますので、日時を約束のうえで来てください。

Ang inyong tagapangasiwa ay si

あなたの担当ケースワーカーは、_____です。

Telepono

電話 0 4 5 - _____